ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Ispesyal na Isyu
Disyembre 26, 2018
www.philippinerevolution.info

# Ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng Partido at pamunuan ang rebolusyong Pilipino sa mas malalaking tagumpay



**Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas**

Kasama ang buong kasapian ng Partido, ang sambayanang Pilipino at lahat ng kanilang rebolusyonaryong pwersa, ipinagdiriwang ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ngayong araw ang 50 taon ng malalaking nagawa at rebolusyonaryong tagumpay na natipon ng Partido sa limang dekada ng pamumuno sa demokratikong rebolusyong bayan mula nang itatag ito noong Disyembre 26, 1968 sa teoretikal na gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Bigyang-pugay natin ang lahat ng rebolusyonaryong bayani at martir na ibinigay ang lahat para sa bayan at naglingkod sa Partido at rebolusyon hanggang sa huli nilang hininga. Sa kanilang dedikasyon at mga sakripisyo, natamo ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga rebolusyonaryong tagumpay. Humalaw tayo ng inspirasyon sa kanilang halimbawa at tularan ang kanilang diwa ng walang pag-iimbot na paglilingkod.

Nagbibigay ng pinakamataas na parangal ang Komite Sentral kay Kasamang Jose Ma. Sison, ang tagapangulong tagapagtatag ng Partido, na dalubhasang inilapat ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at itinuwid ang landas ng rebolusyon at antas-antas itong pinalakas. Kahit sa matagalang pagkakulong at pagkadistiyero mula 1987, ang kanyang kaalamang teoretikal, sosyo-istorikal at praktikal ay patuloy na nagbigay-liwanag sa landas ng rebolusyong Pilipino, nakapagbigay ng gabay sa Partido at pumukaw sa internasyunal na proletaryado at mamamayan na labanan ang imperyalismo at isulong ang rebolusyong sosyalista. Umaasa kaming makakasama siya sa pagdiriwang ng ibayong mga tagumpay sa darating na taon

Patuloy na lumalala ang pamalagiang krisis ng malakolonyal at malayudal na sistema. Inianak nito ang pasistang rehimeng US-Duterte na ang paghahari'y lalong mabilis na nagpapalala at nagbabanta sa krisis ng naghaharing sistema.

Ginugunita natin ang ika-50 anibersaryo ng Partido habang walang habas ang pasistang teror at tiraniya ng rehimeng US-Duterte sa

ngalan ng pagsugpo sa Partido at paggupo sa armadong rebolusyon sa kalagitnaan ng 2019. Ang totoo, nakapokus ito sa pagsupil sa lahat ng anyo ng paglaban sa plano nitong manipulahin at kontrolin ang eleksyong *mid-term* (eleksyong sa gitna ng termino ng presidente) at isagasa ang pagbabago sa konstitusyon para sa huwad na pederalismo upang ipataw ang tahasang pasistang diktadura. Ipagdiwang natin ang ika-50 anibersaryo ng Partido habang todong nilalabanan ang pasistang tiraniya, korapsyon at pagkapapet ng rehimeng Duterte.

Batid na batid ng Partido ang napakapaborableng rebolusyonaryong kundisyon sa Pilipinas. Nagdurusa ang malawak na masang manggagawa at magsasaka sa mas lumulubhang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala, mas di mabatang kahirapan at pagkakait ng saligang pangangailangan at serbisyo at malulupit na atake at abuso ng mga armadong pwersa ng estado. Natutulak at napupukaw silang tumindig sa mga pakikibakang masa at magsulong ng armadong pakikibaka.

Ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas ay isa sa sulo ng pandaigdigang anti-imperyalistang paglaban at proletaryong rebolusyon. Sa pamumuno sa rebolusyong Pilipino, nag-aambag ang Partido na panatilihing nagbabaga ang proletaryong paglaban kahit pa naupos ang apoy ng sosyalistang rebolusyon dahil sa modernong rebisyunismo at panunumbalik ng kapitalismo sa Soviet Union at China.

Sa kasalukuyan, habang sadlak ang pandaigdigang sistemang kapitalista sa di masolusyunang krisis, ang bandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ay mataas na iwinawagayway ng rebolusyonaryong proletaryado, nagbibigay liwanag at inspirasyon sa uring manggagawa at aping mamamayan sa buong mundo para magsulong ng demokratikong paglaban at maka-uring pakikibaka laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Tayo nga ay nasa panahon ng transisyon patungong panibagong pandaigdigang pagdaluyong ng mga pakikibaka para sa pambansang paglaya at proletaryong rebolusyon.

---

# Matagalang depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista at umiigting na ribalan ng malalaking kapangyarihan

PATULOY NA SADLAK ang pandaigdigang sistemang kapitalista sa kaguluhang minemenos sa tawag na Malaking Resesyon na katunayan ay matagalang depresyong pang-ekonomya at istagnasyon na isang dekada na ang itinagal at walang tandang matatapos na. Bigo ang pinakamalalaking kapitalistang ekonomya na ganap na makabangon mula sa krisis sa pinansya ng 2008 sa kabila ng dambuhalang pondong pang-estado na pansalba at pampasikad para sa higanteng mga institusyong pampinansya, mga kumpanyang mamumuhunan at mga monopolyo-kapitalistang kumpanya na nagresulta sa walang kapantay na utang at depisito sa badyet. Patuloy na lumolobo ang utang at inaasahang di maglalao'y puputok sa isang pampinansyang pagkalusaw na higit na malala kaysa nakaraan.

Sa nagdaang dekada, pumaimbulog ang pandaigdigang utang mula $57 trilyon noong 2007 tungong $164 trilyon sa unang kwarto ng 2018. Sa ngayon, ang pandaigdigang utang ay mahigit tatlong ulit na mas malaki kaysa inaasahang $87.51 trilyong kabuuang halaga ng produksyon ngayong taon.

Patuloy na sadlak sa krisis sa ekonomya at problema sa pinansya ang pandaigdigang mga sentro ng kapitalismo. Walang sigla ang mga ekonomya ng US, China, Japan at mga kapitalistang bansa sa Europe. Nag-uulat sila ng mabababang estadistika sa disempleyo subalit pinagtatakpan lamang ang lumalaking bilang ng mga manggagawang sawa nang maghanap ng trabaho at di na ibinibilang sa pwersa sa paggawa. Patuloy na hinihila pababa ang sahod.

Ang ekonomya ng US na inilalarawan ng gubyernong Trump na "mabuting mabuti ang takbo" katunaya'y nasa istagnasyon na mababa sa 3% paglago sa nagdaang mga taon. Sa pangambang lalong bumagal, desperado ngayon ang gubyernong Trump na ipasikad ang pamumuhunan sa pamamagitan ng pagbababa sa interes sa pautang at pagkaltas sa buwis sa pamumuhunan kahit pa magresulta ito sa $1 trilyong depisitong pederal sa mga darating na taon at kahit kontra sa pusisyon ng US Federal Bank na itaas ang interes. Ipinagmamalaki ng gubyerno ang 3.9% tantos ng disempleyo, para di pansinin ang sarili nitong 7.6% tunay na tantos ng disempleyo. Malayong mas malala ang kawalan ng trabaho sa harap ng tanggalan ng mga manggagawa ng malalaking kumpanya sa manupaktura at komersyo dahil sa pinabagal o pagtigil ng operasyon bunga ng


ANG Bayan

Ispesyal na Isyu | Disyembre 26, 2018

@prwc_info

groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas.

matinding kompetisyon o lumalaking gastos dahil sa ipinataw na mas malaking taripa.

Sa tangka ng China na makipag-giriian sa US para sa mas malaking saklaw ng impluwensya, isustine ang kapitalistang pagpapalawak nito at mabawasan ang sarplas na kapital at sobrang imbentaryo ng asero at semento, sinimulan nito ang Belt and Road Initiative, isang higanteng programang pang-imprastruktura para magtayo ng lambat ng mga kalsada, riles, daungan at mga oil pipeline (tubong daluyan ng langis) mula sa China, dadaan sa Central at South Asia patungo sa Europe at Africa, na pinopondohan ng pautang na may mataas na interes at ayuda mula China. Gayunman, ang 6.5% paglago ng ekonomya ng China ngayong taon ang pinakamabagal sa nagdaang 10 taon sa harap ng itinakda ng estado na pagbawas sa produksyon ng asero at iba pang kalakal sa harap ng sobrang suplay sa ngalan ng pagkontrol sa polusyon. Lalong nagiging pinansyalisado ang ekonomya ng China. Apat na ulit ang paglaki ng utang nito mula $7 trilyon noong 2007 tungong $36 trilyon ngayong 2018, na kalahati ay nasa ispekulasyon sa lupa *(real estate)* at 30% sa operasyon ng di pormal na mga bangko. Malao't madali'y puputok ang bula ng pinansya sa China kahit pa tangkaing pigilan ito ng gubyerno nito.

Lumiit ang ekonomya ng Japan sa unang bahagi ng taon, kaya nasadlak muli sa krisis sa ekonomya matapos ang dadalawang taon ng magkasunod na mabagal na paglago, pinakamahaba na sa nagdaang tatlong dekada. Pasan nito ang utang na aabot sa 235% ng ekonomya nito. Iniuulat ng gubyerno ang halos ganap na empleyo na mayroon lamang 2.4% disempleyo subalit hindi binibilang ang milyun-milyong nawalan ng hanapbuhay at nagsawa nang maghanap ng trabaho, laluna mula 2008. Patuloy na mababa ang sahod ng mga manggagawa at binabantaan ng plano ng gubyerno na deregulasyon ng pagpasok ng mga dayong manggagawa.

Di makaahon-ahon ang mga kapitalistang sentro sa Europe sa istagnasyon sa ekonomya habang ang mas maliliit na kapitalistang bansa ay lubhang nabibigatan sa utang at tali sa mga hakbanging pagtitipid na ipinataw ng IMF, World Bank at European Union. Ang tantos ng disempleyo sa Europe ay nasa 8%, at umaabot sa 18.9% sa Greece, 14.8% sa Spain at 10.3% sa Italy. Nananatiling tigil ang ekonomya ng Russia at iniaahon lamang ng pansamantalang pagtaas ng presyo ng langis at *natural gas*.

Mayorya ng mga bansa sa mundo, kabilang ang Pilipinas, ay buntot pa rin sa ekonomya ng pangunahing mga pandaigdigang sentro ng kapitalismo. Ang mga bansang ito'y nagsisilbing pinagkukunan ng murang hilaw na materyales tulad ng mga mineral at produktong agrikultural. Upang akitin ang dayong pamumuhunan, nagpapababaan sila ng gastos sa paggawa, nag-uunahan sa liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan at pagbebenta ng patrimonya ng kanilang mga bansa.

Sa kabilang panig, nagkokompetisyon ang mga imperyalistang kapangyarihan na ipataw ang kanilang pang-ekonomyang hegemonya sa mga bansang ito upang ipailalim sa kanilang saklaw ng impluwensya at larangan ng pamumuhunan.

Sa paghamon sa lakas sa ekonomya ng US, abalang nakikipag-diplomasya ang China at ginagamit ang laki ng ekonomya upang itulak ang paparaming bansa na labis-labis na umutang sa mataas na interes at pumasok sa mga kontratang batbat sa korapsyon na nakatali sa pagbili ng asero at iba pang mabibigat na kalakal ng China. Pumupunta ito sa konstruksyon ng mga kalsada, tulay, daungan pati na pamumuhunan sa telekomunikasyon, elektrisidad at iba pang susing istrukturang pang-ekonomya.



Masidhi ang epekto ng pandaigdigang kapitalistang krisis sa mga bansang di maunlad. Upang maakit ang pautang at dayong kapital, obligado silang pag-ibayuhin ang liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan na nagreresulta sa mas matataas na depisito sa kalakalan, paglabas ng kapital, lalong pagsalalay sa utang, di produktibong mga paggastos, mas mapanibasib na dayong pagdambong sa yaman, palalang korapsyon, paghila sa sahod, papatinding pagsupil sa paggawa at karapatan sa lupa at pangkalahatang paglubha ng kalagayang sosyo-ekonomiko ng mamamayan.

Sa ubod ng nagpapatuloy ng matagalang depresyon ng pandaigdigang kapitalistang sistema ay ang krisis sa sobrang produksyon sa halos lahat ng larangan ng produksyon ng kalakal. Pinoproblema ng mga monopolyong kapitalista ang di nabebentang imbentaryo ng labis na langis, elektroniks at iba pang produktong hi-tech, palay at iba pang produktong pagkain, asero, semento at iba pang materyales pang-konstruksyon, damit, sapatos, mga laruan at iba pang kalakal na may mababang dagdag na halaga.

Ang sobrang produksyon ay bunga ng pundamental na kontradiksyon sa pagitan ng pribadong pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon (tulak ng paghahabol sa tubo at akumulasyon ng kapital) at ng panlipunang katangian ng produksyon na lalo pang sinasagad sa ilalim ng neoliberal at pinansyalisadong monopolyong kapitalismo. Humahantong ang kapitalistang paghahabol para sa tubo sa walang-tigil na kompetisyon para pabilisin ang produksyon at iba-

ba ang gastos sa paggawa sa pamamagitan ng awtomasyon at paggamit ng mga robot na nagreresulta sa pinabilis na produksyon sa harap ng lumiliit na demand.

Ang tuluy-tuloy na pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital ay nagreresulta sa patuloy na pagbagsak na tantos ng tubo at mga pagkabangkarote. Ang kapital ay lalong nakokonsentra at nasesentralisa bunga ng paglamon ng makapangyarihang mga monopolyo sa kanilang mga kakumpitensya sa mga pagsanib at pagbili (ng isang kumpanya sa ibang kumpanya) sa pambansa at internasyunal na antas.

Napakalaki ng sobrang kapasidad sa produksyon sa lahat ng larangan na nagbubunsod sa tigil na mga makinarya at pabrika at mga *rust belt* (katawagan sa mga lugar na maraming mga makina o pabrika na hindi ginagamit at "kinakalawang" na) sa buo-buong distritong manggagawa at syudad kapwa sa mga industriyalisado at di industriyalisadong bansa.

Malawak ang pagwasak sa mga produktibong pwersa sa buong mundo. Nagdurusa ang mga manggagawa sa mababang sahod at lalo pang lumalalang mga anyo ng pang-aapi at pagsasamantala sa ilalim ng tinatawag na pleksibleng kaayusan sa pag-eempleyo. Malawakan ang dislokasyon ng mga magbubukid at manggagawang-bukid bunga ng ekspansyon ng mga *economic zones* at mga plantasyon para sa mga tanim pang-eksport.

Ang pandaigdigang kapitalistang krisis ay nagresulta sa napakatinding disempleyo bunsod ng malawakang tanggalan at pagsasara ng mga kumpanya, pati na ang paghahabol sa awtomasyon. Hanggang 1.2 bilyon ang nakakategoryang walang trabaho o kulang ang trabaho.

Nagdurusa ang malawak na masa sa pagkabawas o pagtanggal ng mga panlipunang serbisyo sa edukasyon, kalusugan, abot-kayang pabahay, tulong sa disempleyo at iba pang pangangailangang panlipunan. Biktima sila ng mga pagkaltas sa mga gastos panlipunan, hakbanging pagtitipid at iba pang patakarang neoliberal.

Sa buong mundo, mahigit 70% ng populasyon ay nabubuhay sa kulang sa $10 (₱550) kada araw habang mahigit kalahati ang pinagkakasya ang $5.50 (₱302.5) kada araw na kulang para tustusan ang pangangailangan ng isang karaniwang-laking pamilya para sa disenteng pabahay, pananamit, nutrisyon, edukasyon at dagdag na pondo para sa pangkagipitang pangangailangang medikal.

Lumalaki ang panlipunan at pang-ekonomyang di pagkakapantay-pantay at lumalaking konsentrasyon ng kapital sa kamay ng iilan. Sa US, pag-aari ng pinakamayamang 10% ng mga pamilya ang 75% ng kabuuang pag-aaring pribado, habang katumbas ng pag-aari ng 0.1% sa tuktok ang pag-aari ng 90% nasa ilalim. Ang bahagi sa pandaigdigang yaman ng pinakamayamang 1% ay lumaki mula 42.5% noong 2008 tungong 50.1% noong 2017 at inaasahang umabot sa 64% sa 2030.

Ang mga krisis sa ekonomya sa buong mundo ay humahantong sa pag-usbong ng pasismo at rasismo sa mga bansang kapitalista na tumatarget sa mga imigrante, minorya at mga *refugee* (mga dayuhang lumikas sa kanilang bansa) at pagbunton sa kanila ng sisi sa krisis upang palabuin ang ugat ng kapitalistang pagsasamantala at krisis sa ekonomya at paghiwa-hiwalayin ang mga aping mamamayan at hadlangan ang pagsisikap na buuin ang pagkakaisa ng uring manggagawa.

Nangunguna sa bunton ng mga pasista si US President Trump na sumusuporta sa mga tahasang maka-Kanang ideya at patakaran sa ngalan ng "Make America Great Again" ("Gawing Dakila Muli ang Amerika"). Lumalakas ang iba pang ultra-reaksyunaryong partido at grupo sa United Kingdom, Germany, France at kabuuan ng Europe, sa Brazil at iba pang bansa.

Mas malinaw na humahantong ang kapitalistang krisis at monopolyong kompetisyon sa hayagang ribalan at tunggalian ng malalaking kapangyarihan sa anyo ng mga gera sa kalakalan, habulan sa armas, *forward deployment* o pagpapakat ng mga pwersang militar at agawan sa pagkontrol ng mga ruta sa kalakalan, pinagkukunan ng langis, rare earth at iba pang mineral, mga *pipeline* para sa langis at *natural ga*s, at mga larangan ng pamumuhunan. Sa estratehikong paghina ng US, ang panahon ng unipolarismong Amerikano ay tinapos na ng kasalukuyang mundong multipolar at sa mas lalo pang agresibong pagtatanggol at paggigiit ng US sa hegemonya nito.

Sa ekonomya, ang US ay pangunahing kinakaribal ng China na nasa isang internasyunal na opensibang diplomatiko at pang-ekonomya para bumuo ng mga bilateral at multilateral na alyansa at kasunduang pangkalakalan para palawakin ang kanyang merkado, pinagkukunan ng hilaw na materyles at saklaw ng pamumuhunan. Itinatag ng China ang Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) para ieskport ang sobrang kapital at kalabanin ang World Bank. Sumama ito sa pang-ekonomikong alyansa kaisa ang Brazil, Russia, India at South Africa (BRICS) at tumulong na pondohan ang BRICS Bank at iba pang institusyong pampinansya.

Ang ribalang pang-ekonomiko ng US at China ay humantong sa hayagang gera sa kalakalan matapos magpataw ang US ng taripa sa $250 bilyon halaga ng asero, aluminum at iba pang kalakal ng China na may deklaradong layuning bigyang-proteksyon ang mga nagmamanupakturang Amerikano, subalit may risgong negatibong epekto sa harap ng banta ng mga nagmamanupaktrang nakasalalay sa murang angkat na kalakal mula China na magsara o ilipat ang produksyon sa labas ng US. Tinugon ito ng China ng sariling taripa sa $34 bilyong halaga ng kalakal mula sa China.

Sa militar, ang US ay pangunahing kinakaribal ng Russia na may mas malaking arsenal nukleyar. Sa

ilalim ng Shanghai Cooperation Organization, isinusulong rin ng Russia ang ugnayang diplomatiko at militar sa China, Pakistan, Kazakhstan, Kyrgz, Tajikistan, Uzbekistan at maging sa India.

Sa harap ng istagnasyon sa ekonomya, ang US ay mas sumasalalay sa lakas militar at panggigipit upang igiit ang kanyang kapangyarihan sa tangkang pigilan ang estratehikong paghina nito. Patuloy itong estratehikong nagpapakat sa ibayong-dagat ng mga tropa, *aircraft carrier* at mga *ballistic missil*e. Ito ay may mga base militar at missile at nakikipag-*joint military exercis*es sa mga bansa sa palibot ng Russia at China at maging sa iba't ibang panig ng mundo. Naglulunsad ito ng tinaguriang mga *freedom-of-navigation operation* para hamunin at udyukin ang kapangyarihang militar ng China sa South China Sea.

Lalong nagiging tiyak ang pagsiklab ng kumprontasyong militar sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang mga operasyong pagpapakitang gilas ng US ay lalong gumagalit sa China, at may ilang mapandigmang elemento nang nananawagan ng direktang kontra-aksyon. May ilang ekspertong militar ng US ang may tantyang sisiklab ang gerang US-China sa 15 taon. Patuloy namang sumisiklab ang mga gerang *proxy* sa pagitan ng mga kapangyarihang kapitalista tulad sa Syria, Yemen, Ukraine at iba pang bahagi ng mundo.

Ang lumalaking gastos sa militar ay nagpapalakas ng industriyang militar sa harap ng tumitinding karera sa armas, tensyong militar at paghahanda sa gera. Umabot sa $1.739 trilyon ang gastos sa militar sa buong mundo para pondohan ang pananaliksik militar at pagpapaunlad ng bagong mga sandata kabilang ang maliliit na armas nukleyar, mga *laser*, *hypersonic missile*, mga robot militar at maging mga sandata para sa pakikidigmang elektroniko. Naglaan ng $700 bilyon ang gubyernong Trump para sa gastos militar, higit sa pinagsamang gastos ng China at Russia. Umabot naman sa 5.6% o $228 bilyon ang gastos ng China, ang ikalawang pinakamalaking may gastos militar, at inaasahang gumastos nang hanggang 8% ngayong taon.

May mga bansang naggigiit ng pambansang soberanya laban sa hegemonya ng imperyalistang US kabilang ang North Korea, Iran, Syria, Venezuela, Cuba at iba pa. Patuloy na ginagamit ng US ang mga taktika ng pamimilit, panggigipit sa ekonomya at pagpapalit-rehimen laban sa mga bansang ito. Sa paggigiit ng pambansang soberanya, maaaring samantalahin ng mas maraming bansa ang ribalan at kontradiksyon ng mga imperyalista para masamantala ang masaklaw na diplomatiko, pampulitika at pangmilitar na oportunidad para isulong ang interes ng kanilang bansa.

Ang mabilis na lumalalang kundisyong sosyo-ekonomiko bunga ng mga imperyalistang patakarang neoliberal at hakbanging pagtitipid ay pumupukaw sa milyun-milyong mamamayan sa buong mundo para magsulong ng mga pakikibakang masa pati na mga armado at iba pang anyo ng paglaban.

Daan-daan libong mamamayan ang lumahok sa masaklaw na isang buwang mga aksyong masa at welgang manggagawa sa France para labanan ang bagong mga buwis sa langis at mga hakbanging pagtitipid, igiit ang dagdag na sahod at manawagan para patalsikin ang gubyerno. Nag-aaklas din ang mga manggagawa sa Spain, Germany, Belgium at iba pang bansa sa Europe. Sa US, higanteng mga demontrasyon ang inilunsad ng mga imigrante, mga black, kababaihan, estudyante at mga manggagawa para magprotesta laban sa tahasang anti-mamamayang mga patakaran ni Trump. Patuloy na sumisiklab ang mga demonstrasyon ng mga manggagagwa at estudyante sa China. Malawak ang panlipunang ligalig sa buong mundo bunga ng kakulangan ng pagkain, mataas na presyo, kawalang kita at iba pang pasakit na dulot ng mga patarang neoliberal.

May mga rebolusyonaryong armadong pakikibaka para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili tulad ng isinusulong ng mamamayang Kurd. Ang mga rebolusyonaryong armadong pakikibaka na isinusulong sa linyang bagong demokratiko na pinamumunuan ng mga partido komunista tulad sa India at Pilipinas ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa mamamayan sa malawak na kanayunan ng mundo na maglunsad ng kanilang mga digmang bayan. Isinasagawa ang paghahanda sa digmang bayan sa iba't ibang bansa.

Lumilikha ang pandaigdigang kapitalistang krisis at interimperyalistang kontradiksyon ng mga kundisyong pabor sa pag-usbong at patuloy na paglago ng mga pwersang rebolusyonaryo. Matapos ang mahigit tatlong dekada ng estratehikong pag-atras, nasa katayuan ngayon ang proletaryado na pamunuan ang panibagong pagdaluyong ng mga rebolusyong bagong demokratiko at sosyalista.

Dapat pamunuan ng mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa sa lahat ng bansa ang pakikibaka laban sa imperyalismo sa pamamagitan ng pagpapalakas sa sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Dapat matamang pag-aralan nila ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ilapat ito nang kritikal at mapanlikha sa kongkretong kundisyon ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtukoy sa partikular na mga katangian ng rebolusyonaryong pakikibaka sa kanilang mga bansa.

Sa pamumuno sa bagong demokratikong rebolusyon sa Pilipinas, nag-aambag ang proletaryong Pilipino sa pandaigdigang paglaban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Ito ay kaisa at nagbibigay ng lahat ng anyo ng suporta sa mga partido at kadre ng proletaryado at uring manggagawa sa buong mundo sa kanilang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan para magbangon laban sa mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila.

# Ang paghahari ng teror at tiraniya ni Duterte sa gitna ng lumalalang kalagayang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas

ANG PAG-USBONG NG pasistang rehimeng US-Duterte at ang paghahari nito ng teror at tiraniya ay tanda at nagpapalala sa malalang kundisyon ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Ipinakikita nito ang lalong nawawalang kakayahan ng mga naghaharing uri na gamitin ang lumang mga paraan ng pamumunong pampulitika at lantarang paggamit ng pwersa para kontrahin ang lumalaking paglaban ng mamamayan at makipagribalan para sa kapangyarihan at burukratikong dambong.

Nananatiling atrasado, agraryo at di industriyalisado ang ekonomya ng Pilipinas. Tuluy-tuloy na nabubulok ang mga domestikong pwersa ng produksyon sa bigat ng operasyon ng dayong monopolyong kapitalismo at malalaking komprador. Ang likas na yaman at rekursong paggawa ng bansa ay dinadambong ng mga korporasyong multinasyunal at ng mga kasabwat nilang malalaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa.

Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon at pribatisasyon, ang bansa ay pinananatiling tagapag-eksport ng hilaw na murang materyales, pinagkukunan ng murang paggawa at tagapag-angkat ng mga kalakal na pamproduksyon at pangkonsumo.

Sa kalakha'y maliitan, mano-mano, gumagamit ng hayop o maliliit na traktora ang lokal na produksyong agrikultural. Atrasado ang produksyong palay kung saan limitado sa 30% ang may irigasyon. Limitado ang paggamit ng malalaking makinaryang pambukid. Maliit na maliit ang integrasyon sa lokal na ekonomya ng malalawak na lupaing agrikultural na hawak ng malalaking korporasyon at pinatatakbo bilang plantasyon para sa malakihang produksyon ng saging, pinya, *oil palm*, goma at iba pang tanim na pang-eksport.

Ang malakihang pagmamanupaktura ay limitado sa tinaguriang mga "economic zone" kung saan ang malapagpoproseso na pang-eksport ay pinatatakbo ng dayong mga empresa na nagpapatakbo ng tinatawag na "global value chain" na lambat ng mga pabrika para samantalahin ang murang lakas-paggawa sa iba't ibang bansa. Pinaghaharian ng dayong malalaking kapitalista ang lokal na industriya sa ekstraksyon na nandarambong sa yamang mineral at sumisira sa kalikasan. Napakaliit ng lokal na pagpoproseso ng hinalaw na mineral na kalakha'y iniluluwas at nagkakait ng hilaw na materyales na dapat ay magamit para sa industriyalisasyon ng bansa.

Pamalagian ang malakihang disempleyo sa Pilipinas dahil walang industriyalisasyon. Halos walang sektor manupaktura sa kalakhan ng mga bayan sa Pilipinas. Ang malawak na disempleyo sa Pilipinas ay ikinukubli lamang sa pamamagitan ng manipulasyon ng estadistika kung saan ang pwersa sa paggawa ay artipisyal na binabawasan ng hindi pagbilang sa mga nawalan na ng pag-asang maghanap ng trabaho o pagbilang na may trabaho sa mga kulang sa trabaho na sa aktwal ay walang trabaho.

Ikinukubli rin ang masidhing kawalan ng trabaho ng malakihang deployment ng mga dekontratang manggagawa sa nagdaang tatlong dekada na nagresulta sa diyaspora (maramihang pangingibang-bayan) ng di bababa sa 10% ng populasyon ng Pilipinas o mahigit sangkapat ng pwersa sa paggawa. Lumaki nang husto ang remitans ng dolyar mula ibayong-dagat (tantyang aabot sa $33.7 bilyon ngayong taon) na nakasalalay na dito ang gubyerno ng Pilipinas para imantine ang reserba ng dayuhang salapi. Subalit di nasasalin ang dayong remitans sa lokal na produktibidad dahil kalakhan nito'y napupunta lamang sa lumalaking gastos sa pamumuhay at pagkonsumo ng mga imported na kagamitan.

Pamalagian at pirmeng lumalaki ang depisito sa kalakalan ng Pilipinas bunga ng di pantay na palitan ng mga hilaw na materyales at mabababang dagdag-na-halagang kalakal, at ng imported na yaring produkto. Nakasalalay pa rin ito sa dayong pautang na pumopondo sa mga proyektong pang-imprastruktura na batbat sa korapsyon at nagdudulot lamang ng pansamantalang empleyo.

Kalakhan ng dayong pamumuhunan ay napupunta sa *stock market* at di produktibong mga papeles pampinansya, habang ang iba'y sa anyo ng tuwirang paumuhunan sa malapagpoproseso sa mga *economic zone* kung saan libre sila sa buwis. Sa mga nagdaang taon, malaking bahagi ng dayong pamumuhunan ay napupunta sa *business outsourcing* (mga *call center*) na sa kabila ng laki nito'y bigong mag-ambag ng anumang produktibo sa lokal na ekonomya liban



sa maliit na sahod ng kanilang mga kawani.

Sa ilalim ni Duterte, lalong naging nakapanghihilakbot ang pinakamasasamang aspeto ng malakolonyal at malapyudal na sistama sa harap ng matagalang depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Sa gitna ng krisis sa ekonomya, ang gubyerno ng Pilipinas ay lublob sa depisitong piskal at utang. Lumaki nang aabot sa 80% hanggang P378 bilyon ang depisito sa badyet noong Setyembre mula P213.1 bilyon sa ganoon ding panahon noong nakaraang taon. Upang pondohan ang mga programa at operasyon nito, plano nitong manghiram nang hanggang P624.4 bilyon sa susunod na taon. Napakalaki ng gustong utangin ni Duterte sa China, pati na sa Asian Development Bank at iba pang institusyong pampinansya upang gastusin sa kanyang Programang *Build, Build, Build*.

Sa ilalim ni Duterte, ang pampublikong utang ng Pilipinas ay lumaki nang mahigit 17% tungong P7.167 trilyon mula P6.09 trilyon noong 2016. Sa nagdaang 15 taon, naglaan ang Pilipinas nang P10.741 trilyon upang tutusan at bayaran ang utang. Lalong magiging mabigat ang dolyar na utang ng Pilipinas kung matuloy ang plano ng US Federal Bank na itaas ang interes.

Sumirit sa $33.9 bilyon ang depisito sa kalakalan ng Pilipinas sa unang 10 buwan, higit sa kabuuang $27.4 bilyon noong nakaraang taon, at inaasahang umabot sa $40 bilyong sa katapusan ng 2018. Bunga ito ng malaking pagtaas ng importasyon ng mga kagamitang kapital para suplayan ang malapagpoproseso at konstruksyong imprastrukturang may pondong Chinese. Mabagal ang paglaki ng eksport sa harap ng pandaigdigang pagbagal ng ekonomya.

Ang paglaki ng depisito sa kalakalan ay nagresulta sa matarik na paglaki ng depisito sa balanse ng mga kabayaran (*balance of payments*) na tinatayang umabot sa $5.1 bilyon mula $860 milyon noong nakaraang taon o 500% paglaki. Inaasahang lalo pa itong sisirit sa $8.4 bilyon sa susunod na taon. Lalo pang liliit ang halaga ng piso kumpara sa dolyar.

Lalo pang pinalawak ni Duterte ang pinakamasahol sa mga patakarang neoliberal. Sinagad nito ang liberalisasyon ng importasyon ng bigas sa ngalan ng pagpapababa ng lokal na presyo, subalit walang plano para isubsidyo at tulungang itaas ang lokal na produksyon ng palay. Magdudulot ito ng masidhing epekto sa lokal na produksyon ng palay at sa kita ng mga Pilipinong magsasaka sa palay dahil babagsak ang presyo ng pagbenta ng palay kasabay ng pagdagsa ng murang imported na bigas.

Para purihin ng mga *credit rating agencies* (mga ahensyang naggagrado sa kakayahang magbayad ng utang ng bansa) at garantiyahan ang mga nagpapautang, ipinataw ng rehimeng Duterte sa simula ng taon ang dagdag na mga buwis sa pamamagitan ng batas TRAIN na itinulak ng Partnership for Growth, ahensyang pinopondohan ng US. Ang sandamukal na buwis sa mga produkto, kasabay ng walang-awat na pagtaas ng presyo ng langis ay nagresulta sa ilang buwang pagsirit ng presyo ng pagkain at iba pang saligang pangangailangan at pagpaimbulog ng gastos sa pamumuhay.

Ang paglubha ng sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayan ay pinalala ng patakaran ng rehimeng Duterte sa pagbawas ng badyet panlipunan at pribatisasyon ng mga pampublikong serbisyo. Sa susunod na taon, plano nitong bawasan ang badyet sa edukasyon nang P54.9 bilyon at kalusugan nang P36 bilyon. Sa kabila ng pangakong magbibigay ng libreng kolehiyo, ang badyet ng 63 sa 113 pampublikong kolehiyo at unibersidad ay lalong binawasan. Binawasan din ang badyet sa agrikultura nang P5.9 bilyon, pabahay nang P2.9 bilyon at repormang agraryo nang P1.7 bilyon. Walang planong bagong pabahay o mga klasrum para sa 2019.

Nagmistulang malaking halimaw ang burukratang kapitalismo sa ilalim ng rehimeng Duterte. Laganap ang korapsyon sa ilalim ni Duterte at di na maikaila ng huwad niyang bukambibig na "Ayoko ng korapsyon." Kaalyansa niya ang mga Marcos at Arroyo upang makuha ang suporta sa pulitika mula pa eleksyong 2016 at pinaburan ang mga mandarambong upang ipawalangsala at palayain sa pagkapreso upang makapanumbalik sa pulitika.

Gamit ang pasistang tiraniya at buong paghamak sa mga batas ng Pilipinas, nagawa ni Duterte na ipailalim ang buong makinarya ng gubyerno ng Pilipinas sa kanyang absolutong kontrol. Pinatalsik niya sa Korte Suprema ang kritikal na punong mahistrado nito sa paraang ekstra-konstitusyunal upang ihalili ang kanyang hirang. Pinagtibay niya ang kanyang mga alyansa sa pinakamasahol na pasista at mandarambong. Upang gantimapalaan ang mga kaalyado sa kongreso at makuha ang suporta para sa plano niyang pagbabago sa konstitusyon para bigyang-daan ang kanyang paghaharing diktador, sinuhulan niya ang mga pulitiko nang di bababa sa P75 bilyong *pork barrel* na isiningit sa 2019 badyet. Ang di pantay na pamamahagi ng pork barrel at iba pang burukratikong pakinabang ay nagresulta sa hayagang hidwaan ng mga kaalyado sa kongreso.

Sangkot ang daan-daang bilyong piso sa pinakamalalaking iskema ng korapsyon sa ilalim ni Duterte sa mga planong proyektong pang-imprastruktura. Nakatakdang mapalaki ni Duterte at kanyang pamilya, mga kroni at alyado sa pulitika ang kanilang yaman sa pamamagitan ng mga suhol, hati sa mga pautang at kontrata sa konstruksyon at "finders fee" sa mga proyektong patung-patong ang presyo.

Ang pinakamalaki sa mga tautauhan ni Duterte ay si Dennis Uy na ang negosyo ngayo'y isang malaking imperyo na nabigyan ng prangkisang pantelekomunikasyon kasama ang pag-aaring estadong

China Telco. Nagbigay din si Duterte ng malalaking kontrata sa iba pang malalaking burgesyang kumprador tulad nila Eduardo Cojuangco, Ramon Ang, Lucio Tan, Manny Pangilinan at iba pa. Sa kabilang panig, ginamit niya ang kanyang kapangyarihan upang pagbantaan ang iba pang malalaking negosyo ng mga buwis o parusa para pwersahin silang magbigay ng suportang pampinansya.

Kapalit ng ilang bilyong dolyar na mataas na interes na pautang at ayuda, ipinagbili nang mura ni Duterte sa China ang soberanya ng mamamayang Pilipino at pambansang kasarinlan sa isang kontrata para "magkasanib na galugarin at paunlarin" ang yamang langis at gas sa West Philippine Sea na tinatayang aabot sa $60 trilyon. Sa kasunduan, traydor na isinaisantabi ni Duterte ang karapatan ng Pilipinas sa kanyang teritoryong dagat, eksklusibong sonang pang-ekonomya at *extended continental shelf*. Bigo ang rehimeng Duterte na tutulan ang pagtatayo ng China ng mga pasilidad militar sa Spratlys.

Sa likod ng retorikong independyenteng patakarang panlabas, ipinamalas ng rehimeng Duterte ang ganap na pagkaasal-alipin sa US. Patuloy na naghahari sa Pilipinas ang US sa ekonomya, pulitika, kultura at militar sa pamamagitan ng di pantay na mga tratado, kasunduan at kaayusan at ginagamit ang Pilipinas bilang base ng mga operasyon nito para magpakitang-gilas sa rehiyong Asia-Pacific, kabilang ang South China Sea. Nagtatag ito ng limang pasilidad militar sa loob ng mga kampo ng AFP sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ang mga daungang sibilyan ay ginagamit na daungang militar para magserbisyo sa mga de-nukleyar na barkong pandigma, *aircraft carrier* (barkong nagdadala ng mga eroplanong pandigma) at submarino. May 200-300 mga tagapayong militar ang US na permanenteng naka-istasyon sa Pilipinas. Nakadikit sila sa AFP at aktibong nagsasanay sa Light Reaction Regiment (na dineploy sa Marawi) at ang bagong buong 1st Brigade Combat Team, kapwa nakabase sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija.

Iskandalosong nagsanib ang krimen at korapsyon sa ilalim ni Duterte. Siya ngayon ang pinunong panginoon ng ismagling at pagbebenta ng shabu. Sa higit lamang isang taon, di bababa sa dalawang tonelada ng shabu ang pumasok sa bansa na nagresulta sa pagbagsak ng presyo ng bentahan nito at paglala ng pagkagumon sa droga. Matagal nang malinaw na ang tinaguriang "gera kontra droga" ni Duterte ay gera para kontrolin ang iligal na bentahan ng droga sa bansa laban sa operasyon ng ibang sindikato sa droga at para paluhurin ang ibang mga panginoon ng krimen sa kanyang awtoridad. Kumpadre ni Duterte ang kilalang *drug lord* na si Peter Lim, habang ang kanyang anak at manugang ay nalantad na sangkot sa ismagling ng mahigit 600 kilo ng shabu.

Ang reaksyunaryong estado ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa ay tumungo sa lantarang pasismo sa ilalim ni Duterte. Lalo itong naghuhunos ng bihis ng demokrasya at karapatang burges. Matapos lubusang malantad ang kanyang mga patakarang anti-mamamayan, hindi na kaya ni Duterte na suyuin ang suporta ng mamamayan. Ang paggamit ni Duterte ng terorismo ng estado para manatili sa Malacañang at imonopolyo ang poder ay naglalantad sa bulok na kaibuturan ng naghaharing sistema.

Binigyan ni Duterte ng malawak na kapangyarihan ang militar sa ilalim ng kanyang rehimen. Ang walang tigil na patakarang todo-gera sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, ang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao hanggang 2019, deklarasyon ng "state of national emergency" at pagpakat ng karagdagang batalyon ng Army sa Bicol, Samar at Negros, ang walang-awat na bantang magpataw ng batas militar sa buong bansa, ang Red-tagging at bantang iligalisasyon sa mga demokratikong organisasyong masa at malawakang pag-aresto sa kanilang mga lider at kasapian ay pawang katumbas ng pambansang batas militar. Hawak ngayon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang absolutong kapangyarihan sa halos kalahati ng bansa.

Ang mga upisyal ng militar at pulis ay sinuhulan niya ng dagdag na sahod, gantimpalang salapi para sa mga operasyong *death squad*, bilyun-bilyong pisong di sinusulit na pondong pang-intelidyens at mga paghirang sa mga ahensya ng gubyerno. Ang badyet ng Department of National Defense (DND) ay itataas nang 35% hanggang P183.4 bilyon, na may P25 bilyong mapupunta sa batbat sa korapsyong mga pagbili sa ilalim ng AFP Modernization Program. Itinaas din niya nang 31% ang badyet ng Department of Interior and Local Government (DILG, na ngayo'y nasa ilalim ng dating hepe mayor ng AFP na si Gen. Eduardo Año) tungong P225 bilyon sa susunod na taon.

Pinaghaharian ngayon ang kanyang gubyerno ng dating mga upisyal militar na hinirang sa iba't ibang susing ahensya tulad ng DILG, ang Department of Social Work and Community Development (DSWD) at ang Office of the Presidential Peace Adviser on the Peace Process (OPAPP) kung saan makokontrol nila ang ilandaang bilyong pisong pondo para sa umano'y "intelligence operation," "integration program" para sa mga "rebel surrenderee," lokal na usapang pangkapayapaan, gantimpala para sa programang "balik-baril," at iba pa.

Tangan ang absolutong kapangyarihan, pakikialaman ng militar ang nalalapit na eleksyong midterm sa 2019, kung matuloy man, upang manipulahin ang resulta pabor sa mga pulitikong maka-Duterte at maka-AFP. Alinsunod ito sa plano niyang palawigin ang kanyang kapangyarihan at itatag ang sarili bilang diktador sa pamamagitan ng *charter change* o pagbabago sa konstitusyon na magpapahintulot na muling magpahalal at huwad na

tipo ng pederal na sistema kung saan ang kapangyarihan ay sentralisado sa kanyang kamay at pinipili niya ang mga ahenteng panrehiyon at pamprubinsya mula sa mga warlord at dinastiyang pampulitika.

Ilang ulit na ipinagmalaki ni Duterte at AFP na dudurugin ang BHB. Ang sabi nila noong nakaraang taon na gugupuin ang BHB bago ang katapusan ng 2018 ay nabigo't napatunayang malaking kasinungalingan. Itong taon, ipinroklama nilang ganap na mawawakasan ang BHB bago ang kalagitnaan ng 2019. Tulad sa nagdaang mga rehimen, iuusog nila nang iuusog ang imposibleng hangarin.

Sa ilalim ng National Internal Security Plan (NISP) 2018, naglulunsad si Duterte at AFP ng mayor na estratehikong opensiba laban sa rebolusyonaryong pwersa sa layuning pigilan ang kanilang pambansang paglago sa harap ng lumalalang krisis sosyo-ekonomiko. Inilabas niya ang Executive Order No. 70 na nagbuo ng National Task Force (NTF) to End Local Communist Armed Conflict at ipinroklama ang tinaguriang *whole-of-nation approach*, doktrinang unang isinaad ng AFP sa Oplan Bayanihan at halaw sa 2009 US Counterinsurgency Guide ng US State Department.

Pilit na pinalalabas ni Duterte ang kanyang Oplan Kapayapaan planong kontra-insurhensya na nasa "pamumunong sibilyan" samantalang, taliwas dito, ang buong burukrasyang sibil ngayo'y militarisado at nasa pang-operasyong kontrol ng AFP. Sa ilalim ng NTF at tinaguriang 12 Operational Pillars, ang iba't ibang ahensya ng gubyerno ay iginrupo kasama ang AFP at PNP upang tiyaking ang mga programa nito ay tutugma sa mga plano ng militar at pulis. Nais ni Duterte na gamiting sandata ang buong gubyerno laban sa rebolusyonaryong kilusan, sa ligal na mga demokratikong pwersa at lahat ng oposisyon.

Sa ilalim ng NISP 2018, layunin ni Duterte at ng AFP na supilin ang ligal na demokratikong pwersa sa pamamagitan ng paniniktik, panindak at pananakot, mga pagdukot, paghihigpit laban sa mga demokratikong karapatan at sa pamamagitan ng ligal na opensiba ng pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista, lider masa at mga oposisyong pulitikal. Mayroon nang mahigit 500 bilanggong pulitikal na dumaranas ng matagalang detensyon, kabilang ang 200 na inaresto sa ilalim ni Duterte. May pangambang lalong dumami ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang matapos tahasan niyang ianunsyo ang planong patayin ang "potensyal na mga kasapi" ng BHB gamit ang "Duterte Death Squad." Sa pagkagulat sa lantarang kriminal na anunsyo ng kanyang hepe mayor, nagpanggap si Defense Secretary Lorenzana na hindi sang-ayon sa plano at sinabing mga "intelligence unit" ang gagamitin ng AFP at hindi mga *death squad*.

Sa udyok at tulak ng palagerang tindig ni Duterte, malalalang abuso at malulubhang paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ang isinagawa ng militar at pulis. Kinukubkob at inookupa ng mga pasistang tropa ang daan-daang mga baryo sa kanayunan at nagdudulot ng lubhang pagdurusa sa masang magsasaka. Dumarami ang ekstrahudisyal na pamamaslang at masaker laban sa mga lider at aktibistang magsasaka. Laganap ang mga kaso ng pagdukot, tortyur, iligal na detensyon. Napakarami nang kaso ng pagdukot, tortyur, iligal na detensyon at iba pang anyo ng pag-abuso. Ginagamit ang mga pwersang militar para supilin ang mga welga, laluna sa mga plantasyon at mina.

Ipinapataw ng militar ang mga blokeyo sa pagkain at ekonomya at iba pang paghihigpit at pinahihirapan ang mamamayan sa walang katapusang pananakot, walang batayang inaakusahan silang mga "rebelde" upang pwersahin silang "maglinis ng pangalan" at "sumurender" sa militar, pinupwersa silang sumali sa CAFGU o grupong paramilitar ng Army at magtrabaho nang walang bayad sa pagtatayo ng mga detatsment ng militar. Hindi katanggp-tanggap ang presensya ng mga pasistang tropa sa mga baryo dahil ginugulo nila ang kabuhayan at buhay pamilya ng mamamayan at nagdudulot ng matinding ligalig sa kanilang pag-iinuman, pagpapaputok ng baril, paghikayat sa pornograpiya, gamit ng droga, sugal at iba pang bisyo. Sa mga rehiyon sa Mindanao, troma sa mga bata ang dulot ng militar sa pagpapasara sa mga eskwelahang Lumad na itinayo ng mga komunidad na may suporta ng simbahan dahil diumano pinatatakbo ito ng BHB.

Sa buong bansa, walang habas ang inilulunsad na mga nakapokus na operasyong militar ng AFP at PNP laban sa BHB, na sangkot ang ilandaang tropa at suportado ng panganganyon at pagpapaulan ng bomba gamit ang mga *attack helicopter*. Inilulunsad ito pangunahin sa mga lugar ng magsasaka at minoryang mamamayan, kabilang ang sa mga Bangsamoro, na mayaman sa rekurso na may estratehikong layuning supilin ang mga pagtatanggol ng masa sa kanilang mga sakahan at lupaing ninuno upang bigyang-daan ang pasok ng mga kumpanya sa pagmimina, pagtotroso, mga proyektong pang-enerhiya at panturismo, plantasyong para sa oil palm at iba pang tanim na pang-eksport, komersyal na reforestation at iba pang empresang malaking burgesyang kumprador at dayuhan.

Ganap na ipininid ni Duterte ang pinto sa usapang pangkapayapaan sa NDFP mula nang inilabas ang Proclamation 360 at Proclamation 374 noong nakaraang taon. Ang mga peace consultant ng NDFP ay patraydor na inaresto at tinamnan ng ebidensyang baril at eksplosibo at sinasampahan ng gawa-gawang kasong kriminal na taliwas sa kanilang garantisadong karapatan. Itinutulak ng AFP ang diumano'y lokal na usapang pangkapayapaan, hindi para harapin ang ugat ng armadong tunggalian sa komprehensibong paraan sa pamamagitan ng mga awtorisadong mga panel sa negosasyon sa antas pambansa, kundi

bilang taktika para manghati at bilang dagdag na raket sa korapsyon.

Ang pasismo at pagkapapet ng rehimeng Duterte ay nagbubunsod ng mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at kilusang masa habang pinabibilis ang pagkahiwalay nito at nag-aangat ng determinasyon ng bayan na ibagsak ito.

Kahit may payo at suportang militar ng US, mabibigo ang gising na panaginip ni Duterte na tapusin sa gitna ng 2019 ang armadong rebolusyon at lahat ng anyo ng paglaban.

Una na, wala siyang suporta ng bayan. Ang totoo, kinamumuhian siya ng bayan dahil sa labis na pagpapahirap at pagyurak sa kanilang demokratikong mga karapatan. Ang rehimen niya'y tiraniko, traydor, brutal, korap at sinungaling na instrumento ng dayuhang dominasyon at ng lokal na mga naghaharing uri. Ang Oplan Kapayapaan ng AFP at ang NISP 2018 ay lubos na nalalantad at kinasusuklaman sa pagsisilbi sa interes ng malalaking negosyo, malalaking panginoong maylupa, mga kumpanya sa pagmimina at plantasyon sa kapinsalaan ng masang magsasaka at minoryang mamamayan. Ipinagtatanggol ni Duterte ang mapang-api at mapagsamantalang sistema na bulok sa kaibuturan.

Dahil walang mataas na katayuang pampulitika at moral, nakaasa si Duterte sa superyoridad sa militar, kapwa sa bilang at sandata, upang isulong ang kanyang layuning kontra-nasyunal, kontra-mamamayan at kontra-demokratiko. Di maiwasang maging brutal at kamuhimuhi ang kanyang armadong pwersa sa kabila ng mga pagpapanggap at kasinungalingan. Sa pambansang saklaw at pagsulong ng BHB, hindi kaya ni Duterte na kamtin ang superyoridad sa lahat ng larangan sa bawat oras. Tumatamasa ang BHB ng malawak na malawak at malalim na malalim na suporta ng masa na hindi kayang palibutan o hapitin ang bawat yunit gerilya na hindi nag-uudyok ng malawakang paglaban.

Ang tulak na armasan ang AFP ng dagdag na kanyon, mga helikopter na pang-atake at pang-*utility* at mga *drone* na paniktik ay pawang nagpapakita ng limitasyon ng mga tauhang pangkati nito. Gayunman, ang gastos para sa malalaking kagamitang militar ay nagpapabigat sa bayan dahil inuubos nito ang pondo ng estado at kumakain sa alokasyon para sa gastos panlipunan. Di masustine sa katagalan ng bangkaroteng rehimeng Duterte ang malaking gastos militar kahit pa may suporta ng US, laluna kung di na mapanindigan ng gubyernong US ang todong pagsuporta kay Duterte at sa kontrarebolusyonaryong digma ng AFP dahil sa pagtutol ng publiko sa America sa malulubhang abusong militar at pagyurak sa mga karapatang-tao.

Ang todong-gera ni Duterte at ganap niyang pagbalewala sa karapatang-tao, internasyunal na makataong batas at sibilisadong kondukta ng gera ay nag-uudyok ng antipasistang paglaban ng bayan. Dahil sa pagpukaw ng malawak na pagkamuhi sa lahat ng kabulukang kanyang ginagawa at pinalalala, sa malao'y mauuwi si Duterte sa kinahinatnang pagbagsak ni Marcos noong 1986 at ni Estrada noong 2001. Sa pagbigay ni Duterte ng malaking kapangyarihan sa kanyang mga alipures militar, inilalagay niya ang sarili sa sentrong target ng kudeta o ng pag-atras ng suportang militar at pulis ng mga upisyal na kanyang kinasabwat, o ng mga inapakan dahil sa kanyang paboritismo. Maaari itong magkombina sa isang popular na pag-aalsa ng isang nagkakaisang prente ng mga demokratikong pwersa na magwawakas sa kanyang tiranikong rehimen.

# Patuloy na lumalakas ang Partido kasabay ang pag-igting ng paglaban ng mamamayan

TUMITINDI ANG PAGLABAN ang mamamayang Pilipino sa pasistang rehimeng US-Duterte sa gitna ng lumalalang kundisyong sosyo-ekonomiko at krisis sa pulitika ng naghaharing sistema.

Ang paghaharing teror at tiraniya ni Duterte, mga atake sa mga karapatang demokratiko, pangangayupapa sa US, pagbebenta ng pambansang soberanya at patrimonya, burukrata-kapitalistang korapsyon at narkopulitika at kontra-mamamayang patakarang neoliberal ay naglalantad sa bulok sa kaibuturan ng naghaharing sistema at pumupukaw sa mamamayang Pilipino na maglunsad ng mga demokratikong pakikibakang masa at rebolusyonaryong armadong paglaban.

Sa buong bansa, laganap ang poot sa kanayunan, naggigiit ang masang magsasaka ng tunay na reporma sa lupa at nakikibaka para ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura, para sa makatwirang presyo ng produkto at mas mataas na sahod ng mga manggagawang bukid. Nakikibaka para bawiin ang karapatan sa lupa ang mga biktima ng pang-aagaw ng lupa at mga may titulo na pinagkaitan ng pag-aari ng mga tinaguriang *agricultural venture agreement*, "kumbersyon" at "leaseback" at iba pang iskema. Matatag na nakikibaka ang mga magsasaka at pambansang minorya para ipagtanggol ang kanilang lupa at labanan ang mga iskema ng mga panginoong maylupa, ispekulador sa real estate, malalaking kumpanya sa mina, proyekto sa enerhiya at turismo at plantasyon sa palm oil.

Tuluy-tuloy ang pagdami ng mga welga at protesta ng mga mangagagawa para sa regularisasyon sa pagtrabaho, umento sa sahod at iba pang demokratikong mga kahilingan sa mga rehiyon ng Southern Tagalog, Central Luzon, National Capital Region, Northeastern at Southern Mindanao. Hindi natitigatig ang mga mangagawa sa pagtatayo ng kanilang mga unyon sa kabila ng todong panggigipit ng mga pwersang pulis at militar.

Napupukaw na kumilos ang mga estudyante dahil sa mga pasistang atake ng rehimeng Duterte, pagpapanumbalik ng mga Marcos, gayundin sa kainutilan ng rehimen na ipatupad ang ipinangakong libreng pampublikong edukasyon sa kolehiyo at sa tumataas na gastos sa edukasyon. Patuloy silang nakikipagkaisa sa mga magsasaka at pambansang minorya laban sa pasistang panunupil sa kanayunan, gayundin sa mga manggagawa sa mga welga at protestang pabrika. Umiigting din ang paglaban ng mga estudyante sa pangangayupapa ng rehimen sa dayuhang imperyalistang interes at lumalakas na dominasyong dayuhan.

Patuloy na lumalakas ang nagkakaisang prente ng mga demokratikong pwersa at malawak na alyansa ng mga pwersang anti-Duterte. Malawak ang panawagan para papanagutin si Duterte sa kanyang mga krimen sa "gera kontra-droga," pagpulbos sa Marawi, batas militar sa Mindanao at Oplan Kapayapaan.

Lumalaganap ang panawagan para sa hustisya sa gitna ng humahabang listahan ng mga krimen ng rehimeng Duterte laban sa mamamayan. May panawagan para sa hustisya sa masaker kamakailan sa Sagay, Negros Occidental na kagagawan ng mga pwersang SCAA na kontrolado ng Army at pinondohan ng mga panginoong maylupa, gayundin sa iba pang mga masaker at ekstrahudisyal na pamamaslang. Malawak ang suporta laban sa pagpapasara ni Duterte sa mga eskwelahang Lumad. Laganap ang panawagan para itigil ang panganganyon at pambobomba mula sa himpapawid dahil isinasapanganib nito ang buhay ng mga sibilyan at nagdudulot ng malawakang troma. Malakas ang panawagang palayasin mula sa mga komunidad sa kanayunan ang lahat ng mga tropang militar (na nagsasagawa ng mga diumano'y operasyong "peace and development"), lansagin ang mga detatsment ng Army at paramilitar na malapit sa mga sibilyang komunidad at itigil ang pamimilit sa mga sibilyan para umaktong mga "surenderi."

Nakapaglunsad ng malalaking multisektoral na aksyong masa ang mga ligal na demokratikong pwersa at malapad na anti-pasistang nagkakaisang prente nitong nakaraang mga buwan. Lalaki pa ang mga ito sa susunod na mga buwan dahil ang tumitinding pag-atake sa mga demokratikong karapatan at katiwalian sa eleksyon ay gagatong sa mga protesta. Palalakasin pa ang mga ito ng mga welga at iba pang protestang masa ng mga manggagawa at iba pang inaaping sektor laban sa dagdag na mga buwis, nagtataasang presyo ng mga batayang bilihin, ang laganap na maiksiang kontraktwalisasyon (endo) at iba pang pabigat na patakarang neoliberal na nagpapahirap sa kanilang kalagayan.

Kabilang ang mga pwersang pambansa-demokratiko sa pinakamatatag na haligi sa malapad na demokratikong kilusan laban sa pasistang rehimeng Duterte. Matatag nilang naigigiit ang kanilang mga ligal na demokratikong karapatan at nilalabanan ang paghihigpit, *Red-baiting* at ligal na opensibang pagsasampa ng gawa-gawang mga kriminal na kaso ng rehimen. Determinado silang labanan at biguin ang iskema ni Duterte na manipulahin ang eleksyon gamit ang AFP at kanyang mga itinalaga sa Comelec.

Bilang pinakakonsolidadong anyo ng nagkakaisang prente, patuloy na lumalawak ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) habang nagsisilbing solidong gulugod ng demokratikong paglaban ng mamamayan laban sa pasistang rehimen ang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon nito. Sa pamamagitan ng NDFP, dumarami ang nahihikayat na sumapi o sumuporta sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan.

Matatag na sumusulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa buong bansa. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, patuloy na pinanghahawakan ng BHB ang inisyatiba sa paglulunsad ng malaganap at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa sa buong bansa. Kamakailan, nakapagparami ito ng mga anihilatibong taktikal na opensiba mula hilaga hanggang timog, pumuksa sa maliliit na yunit ng kaaway at sumamsam ng mga armas at ibang gamit pandigma habang naglulunsad ng maraming atritibong aksyon laban sa mga pasistang tropa sa



tulong ng mga yunit ng milisyang bayan at kwerpo sa sariling pagdepensa ng mga rebolusyonaryong masang organisasyon.

Sa kabila ng pagiging pokus ng opensiba ng kaaway, patuloy na nagpupunyagi at nagtatagumpay ang BHB sa Mindanao sa paglulunsad ng mga anihilatibong taktikal na opensiba na ang pinakamatingkad ay ang paggapi kamakailan ng isang detatsment ng CAFGU at pagsamsam ng 24 armas sa Agusan del Sur. Lubusang nabibigo ang nakapokus at sustenidong mga operasyong militar tulad ng tatlong-linggong opensiba ng AFP sa hangganan ng Bukidnon-Misamis Oriental-Agusan del Sur na naglayong palayasin ang mga Lumad sa kanilang mga lupa.

Gamit ang kaalaman sa tereyn, superyor na mga taktikang gerilya ng konsentrasyon, pagkalat at paglipat, at kakumbina ng malalim na suporta ng masa, isa-isang nabigo ng BHB ngayong taon ang nakapokus na mga operasyong militar ng kaaway. Nagwaldas ang AFP ng bilyun-bilyong piso sa kalakha'y walang saysay na mga operasyong tumatagal ng ilang linggo o higit pa. Mahusay na nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB ng mga operasyong kontra-kubkob para bigwasan ang kaaway sa likuran o tagiliran. Paulit-ulit na dumanas ng kaswalti ang mga yunit kombat ng AFP habang ipinapambala sila sa kanyon ng kanilang mga upisyal.

Mas malakas ang loob at may kakayan ang BHB sa pagbigo sa estratehikong opensiba ng kaaway dahil mabilis nitong natatasa ang kalakasan at kahinaan ng nakapokus at sustenidong mga operasyon at dahil mahusay silang natuto sa mga aral mula sa naipon at pinakahuling mga karanasan. Ang konsentrado at sustenidong mga opensiba ng kaaway sa rehiyon ng Davao ay desperadong inuulit sa North Central Mindanao, Samar, Bicol, Southern Tagalong at Negros. Gayunpaman, lubos itong mabibigo dahil haharapin nito ang mas malakas na pambansang pwersa ng BHB na ngayon higit kailanman ay mas may kakayahan at determinadong maglunsad ng mga anihilatibong atake sa mahihina at bulnerableng bahagi ng kaaway, paduguin ito sa di mabilang na mga atritibong aksyon habang iniiwasan ang kanilang mga atake. Mas mahihiwalay ang AFP sa mamamayan at mapalalayas sa maraming lugar dulot ng lumalawak na galit ng mamamayan.

Mas mahigpit na pinanghahawakan ng Partido at BHB ang rekisito sa malawakan, kasabay ng, maigting na katangian ng pakikidigmang gerilya, gayundin sa pagtatayo at pagtatalaga ng mga pormasyong horisontal at bertikal, pagbubuo ng mga teatrong gerilya na binubuo ng dalawa hanggang tatlong prenteng gerilya, paggamit ng ilang elemento ng regular na makilos na pakikidigma, pagpapakilos sa malawak na masa para sa armadong pakikibaka, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at iba pang kampanyang masa sa kanayunan habang ginagapi ang mga operasyon ng kaaway, pagkumbina ng ligal, iligal at malaligal na porma ng mga organisasyon at aksyong masa, at paggamit ng dalawahang-taktika sa pagharap sa mga proseso at institusyon ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa pagtatalaga ng AFP ng ilang batalyon sa mga nakapokus na operasyong militar laban sa isa o ilang larangan, di sadyang binibigyan nito ng puwang ang mga yunit ng BHB sa ibang larangang gerilya para magsagawa ng malawakang gawain sa pulitika sa mamamayan at maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa nahihiwalay at mahihinang bahagi ng kaaway sa kanilang mga erya na kinikilusan. Sa mas masaklaw na pananaw, ang pagtatalaga ng AFP nang hanggang 75% (na ngayon ay nasa 65% matapos ang pagbalasa ng mga deployment) ng mga tropang pangkombat nito sa Mindanao ay nagbigay ng pagkakataon sa BHB sa Luzon at Visayas para maglunsad ng paparaming taktikal na opensiba. Ang pagtatalaga ni Duterte ng mas maraming tropa sa Bicol, Samar at Negros ay pag-amin na lumalakas ang BHB sa Luzon at Visayas. Sa gayon, lalupang nababatak ang AFP, at lalong nagiging bulnerable sa anihilatibong atake ng BHB ang maninipis na bahagi nito.

Patuloy na lumalakas ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pakikibaka nito laban sa rehimeng US-Duterte at sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan para isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pagkundena sa tiraniya at pasistang terorismo ni Duterte, panawagan sa mamamayan para labanan ang kampanya nito ng maramihang pamamaslang, paglantad sa huwad na "gera kontra-droga," mga krimen at korapsyon, pagkundena sa walang pakundangang pagwasak sa Marawi, pagbatikos sa pangangayupapa nito sa US, at pagprotesta sa mga patakarang neoliberal, matagumpay na naiguhit ng Partido ang tamang linya para pagkaisahin ang mamamayang Pilipino sa isang nagkakaisang prenteng para patalsikin ang pasistang rehimeng US-Dutere sa pamamagitan ng lahat ng porma ng paglaban. Tuluy-tuloy ngayong nahihiwalay ang rehimeng US-Duterte sa mamamayan.

Sa gayon, napatatag ng Partido ang katayuan nito para lalupang palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa at pamunuan ang BHB sa pagsusulong ng digmang bayan.

# Ipagdiwang natin ang ika-50 taong anibersaryo ng Partido at pamunuan ang rebolusyon tungo sa mas malalaking tagumpay

GUNITAIN AT IPAGDIWANG natin ngayong araw ang dakila at maningning na mga nagawa at rebolusyonaryong mga tagumpay ng ating Partido sa nakaraang 50 taon sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Muli nating pagtibayin ang ating paninindigan at determinasyon na pamunuan ang rebolusyon para kamtin ang mas malalaking tagumpay sa hinaharap.

Alalahanin natin ang maningning na 50-taong kasaysayan ng Partido at ipagdiwang ang mga nakamit at tagumpay sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Inakda ng tagapangulong tagapagtatag ng Partido ang "Great Achievements of the CPP in 50 Years of Waging Revolution" na dapat pag-aralan ng lahat ng mga kadre at myembro ng Partido para mahusay na magagap ang susing mga aral mula sa kasaysayan ng Partido.

Binubuo ng nakaraang 50 taon ng rebolusyonaryong paglabang pinamunuan ng Partido ang pinakahuling yugto ng isang siglo nang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang paglaya mula sa imperyalistang dominasyon ng US. Makasaysayan itong nakaugat sa lumang pambansa-demokratikong rebolusyon laban sa kolonyalismong Spanish, hanggang sa anti-imperyalistang rebolusyonaryong pwersa na nagpunyagi sa rebolusyonaryog armadong paglaban sa Fil-Am War, gayundin sa sinaunang mga pwersang organisador ng mga manggagawa at nagtatatag ng Partido sa pangunguna ni Crisanto Evangelista sa dekada 1930 at ang kanilang mga pakikibaka laban sa mga pwersang kolonyal ng US at Japan.

Sa inspirasyon ng mga nakamit nito sa nakaraang 50 taon, patuloy na itinataguyod ng Partido ang Marxista-Leninista-Maoistang paninindigan, pananaw, pamamaraan at linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan para wakasan ang mapang-api at mapagsamantalang malakolonyal at malapyudad na sistema at likhain ang mga kundisyon para sa sosyalistang rebolusyon at sa ultimong layunin nitong itatag ang isang komunistang kinabukasan.

Matatag na nagkakaisa ang buong kasapian ng Partido sa Programa para sa Demokratkong Rebolusyong Bayan, Konstitusyon at iba pang desisyon at resolusyon ng Ikalawang Kongreso ng 2016 at sa pamumuno ng Ikalawang Komite Sentral. Matatag itong ginagabayan ng tatlong-taong programa ng Komite Sentral, na pinalawak at pinasaklaw tungong limang taon, at sa napapanahong gabay at payo ng Komiteng Tagapagpaganap.

Patuloy na pinalalakas ng Partido ang paggagap nito sa unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa partikular na aplikasyon nito sa Pilipinas. Itinataas nito ang teoretikal na kaalaman ng mga myembro at kadre sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng batayan, intermedya at abanteng mga kurso ng Partido, paglilimbag at pagsasalin ng mga sulating Marxista-Leninista-Maoista, pagsasagawa ng mga panlipunang pagsisiyasat, pag-aaral at pag-analisa sa kasalukuyang pangyayari sa loob at labas ng bansa at sa pamamagitan ng pagsuma at paghalaw ng mga aral para pagyamanin at paunlarin ang teoretikal na kaalaman mula sa praktikang panlipunan at praktikal na mga karanasan ng Partido, ng rebolusyonaryong kilusan at malawak na masa ng mamamayan.

Layunin ng sentral na pamunuan ng Partido at ng mga komite sa rehiyon ang makumpleto ang 25-taong pagsusuma ng Partido para makahalaw ng mga aral sa pagbubuo ng Partido, paglulunsad ng armadong pakikibaka at nagkakaisang prente mula Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto para maituwid ang mga pagkukulang at kahinaan at mas matatag na isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Dapat itaas natin ang kakayahan ng ating mga kadre sa maramihang pagpapakilos sa masa at pagpapakawala ng pagkamalikhain at inisyatiba ng mamamayan sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong paglaban, mga pakikibakang masa at iba pang anyo ng masang pagkilos. Dapat mahusay na mailapat ng mga kadre ng Partido ang prinsipyo ng linyang masa sa kanilang estilo ng paggawa at paraan ng pamumuno.

Desidido ang Partido sa tungkulin nitong pagkaisahin at pamunuan ang mamamayang Pilipino sa kanilang paglaban para patalsikin ang pasistang rehimeng US-Duterte at pakikibaka para wakasan ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Dapat pamunuan ng Partido ang BHB sa pagsusulong ng pakikidigmang gerilya at matapang na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway. Dapat targetin ng BHB ang pinakapusukal na mga pasista at korap na yunit at upisyal at parusahan ang pinakamalalaking mandarambong na nagdudulot ng malalalang pinsala sa kapaligiran at kabuhayan ng mamamayan.

Dapat panghawakan ng Partido ang lakas ng BHB sa antas rehiyon, subrehiyon at larangan at mabilis na relatibong ikonsentra ang kina-

kailangang pwersa para magsagawa ng mga reyd at ambus at iba pang taktikal na opensiba laban sa mga nahihiwalay na yunit ng AFP, mga istasyon ng pulis, paramilitar at iba pang malalambot na target, gayundin ang mga abusadong pribadong gwardya at ahensya at kriminal na mga gang. Dapat laging tinitiyak ng mga yunit ng BHB ang ilulunsad nilang mga taktikal na opensiba ay yaong kaya nilang ipagtagumpay.

Maaaring magsagawa ng mga pag-aresto o aksyong pamarusa ang mga armadong tim ng BHB laban sa mga indibidwal sa mga syudad o kanayunan na kilala sa kanilang mga paglabag sa karapatang-tao, korapsyon at anti-sosyal o kriminal na mga aktibidad batay sa impormasyon at reklamo ng mamamayan at tiniyak ng nauukol na mga awtoridad ng hukumang bayan.

Dapat itaas ng Partido at mga kumand ng BHB sa lahat ng antas at yunit ang kapasyahang lumaban at kakayahang ng lahat ng mga Pulang mandirigma at yunit sa pamamagitan ng edukasyon sa pulitika, pagsasanay militar, regular na ehersisyo, paniniktik at pagmamanman (reconnaisance) laban sa mga pusisyon ng kaaway, pagtatasa, mga pagsusuma at pagpaplano sa pamamagitan ng mga regular at napapanahong kumperensya militar.

Dapat matiyak ng Partido na naipatutupad ang mga patakaran kaugnay sa wastong istruktura ng pwera ng BHB. Dapat tiyakin nito ang wastong pagtatalaga ng mga yunit ng BHB para iwasan ang sobrang pagkakalat ng maliliit na yunit na bulnerable sa atake ng kaaway. Dapat ikombina at ibalanse ng BHB ang gawain nito sa mga sonang gerilya at baseng erya. Dapat matiyak nito ang pagpapaunlad at pagpapalakas ng mga baseng gerilya ayon sa panlipunan at pampulitikang tereyn, na madalas nasa mga hangganan ng mga larangan at subrehiyon, para magsilbing bakuran kung saan maaaring magkonsentra ang mga yunit ng BHB kung kinakailangan para sa estratehikong pagpaplano at taktikal na koordinasyon. Dapat tiyakin nating istiktong sumusunod ang BHB sa mga patakaran sa seguridad, sa pangangalaga ng mga sensitibong impormasyon at pag-iwas sa di kinakailangang pagkakalantad.

Dapat tiyakin ng Partido na nagpaplano at naglulunsad ang mga kumand ng BHB ng mga anihilatibong taktikal na opensiba (sa layuning durugin ang mga yunit ng kaaway at kunin ang kanilang armas) bilang pangunahing anyo ng mga taktikal na opensiba habang nagsasagawa ng malawakang atritisyon para iharas, pahinain, idemoralisa at guluhin ang mga plano ng kaaway. Ang pangunahin layunin ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ay ang disarmahan ang kaaway at samsamin ang mga sandata nito. Kailangang magsagawa ng propaganda at gawaing pampulitika sa loob ng hanay ng kaaway para itulak ang disintegrasyon nito.

Dapat sikapin ng Partido at BHB na magkaroon ng plano sa depensa mula sa antas rehiyon tungo sa antas seksyon na masusing pinag-aaralan ang mga plano, deployment, operasyon at taktika ng kaaway. Dapat tiyakin na may kakayahan ang mga kumand ng BHB sa lahat ng antas na idirehe at ikoordina ang lahat ng mga yunit ng BHB sa kanilang saklaw. Dapat tiyakin nating gumagampan ang lahat ng mga yunit ng BHB ng kani-kanilang mga papel, nakikipagkoordina at nakikipagtulungan sa ibang mga yunit at tumutulong sa isa't isa sa pagresolba ng mga problema sa suplay, lohistika, komunikasyon, intelidyens at iba pa. Dapat mapakilos ang masa para gumampan ng iba't ibang tungkulin sa pakikidigmang gerilya, kabilang ang paglahok sa mga taktikal na opensiba, pagsagawa ng mga operasyon sa likuran ng kaaway, paniniktik at iba pa. Dapat mapangahas na magrekrut ng mga Pulang mandirigma alinsunod sa batayang mga rekisito.

Nananawagan ang Partido sa lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na paigtingin ang mga pakikibakang antipyudal at iba pang pakikibakang masa sa kanayunan. Sa gitna ng lumalalalang kalagayan at porma ng pagsasamantala at pang-aapi, kailangan paigtingin ng masang magsasaka ang kilusan para sa reporma sa lupa sa buong bansa at itaas ang kanilang hiling sa libreng pamamahagi ng lupa sa nagsasaka. Milyun-milyong pakilusin ang masang magsasaka.

Sa mga sonang gerilya, dapat nating masusing ipatupad ang minimum na programa sa reporma sa lupa ng pagpapababa ng upa, pagpawi ng usura at pagpapataas ng presyo ng mga produktong agrikultural. Dapat ilunsad natin ang mga kampanya para itaas ang kita sa kanayunan at paunlarin ang kabuhayan ng mga magsasaka, at enggayuhin ang kanilang dagdag na pagsuporta sa BHB. Dapat lagi nating pansinin ang pinakamalalaking problema ng mamamayan at bumuo ng plano para resolbahin o harapin ang mga ito sa pamamagitan ng mga kampanyang masa at pagkilos. Dapat maglunsad tayo ng mga kampanya sa literasiya at edukasyon, kalusugan at sanitasyon, kapayapaan at kaayusan at iba pa. Dapat ilunsad natin ang mga kampanya sa kultura at propaganda para itaas ang kanilang tapang at militansya at himukin silang lumaban sa pasismo.

Hinihikayat ng Partido ang masang magsasaka na paigtingin ang kanilang paglaban sa mga pasistang abuso ng AFP, mga paramilitar nito, pwersang pulis at iba pang armadong ahente ng reaksyunaryong estado. Dapat silang magprotesta laban sa pagpasok ng kunwa'y mga operasyong "peace and development" ng AFP, at igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan at mga karapatan bilang mga silibiyan, at labanan ang kampanya ng panunugis o Red-tagging ng AFP at pag-iiligalisa sa kanila. Dapat nilang hamigin ang malawak na suporta para sa kanilang mga hinaing sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa mga pwersa sa malapad na nagkakaisang prenteng anti-pasista.

Nananawagan ang Partido sa malawak na hanay ng mga mangga-

gawa, estudyante at iba pang demokratikong sektor sa kalunsuran na paigtingin ang kanilang mga anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka at palakasin ang kanilang suporta para sa mga pakikibakang antipyudal. Dapat ilunsad nila ang mga pakikibakang masa para itaguyod ang kanilang mga karapatan at kagalingan sa gitna ng lumalalang kalagayang sosyo-ekonomiko na resulta ng pabigat na buwis ni Duterte, implasyon, korapsyon, maling paggamit ng pondo ng bayan at iba pang kontra-mamamayang patakaran.

Mapangahas na palawakin ang anti-pasistang nagkakaisang prente para labanan ang tiraniya at terorismo ng rehimeng US-Duterte. Pagkaisahin ang lahat ng mga demokratikong pwersa at sektor tulad sa akademya, taong-simbahan, mamamahayag, propesyunal, negosyo at iba pa. Ipagtanggol ang ligal na mga demokratikong karapatan at labanan ang de facto na batas militar ni Duterte.

Kasabay nito, dapat magpunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran sa pagbubuo ng lihim na mga organisasyon at lambat para biguin at talunin ang sarbeylans, pang-aaresto, ekstrahudisyal na pamamaslang at iba pang porma ng atake ng rehimeng Duterte sa mga ligal na demokratikong pwersa. Maaaring sumilong sa mga baseng gerilya ng BHB ang mga aktibista at mga lider masa na target ng pagpaslang at pagdukot. Hinihikayat ng Partido ang mga kadre nito sa kalunsuran, laluna sa hanay ng kabataang manggagawa at intelektwal, na tumungo sa kanayunan para tumulong sa mga pakikibakang antipyudal ng magsasaka o sumapi sa BHB sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Dapat magsagawa ang Partido at lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa ng walang humpay na propaganda para ibunyag ang mga kasinungalingan ni Duterte at ng AFP. Abutin ang lahat ng mga komunidad sa kanayunan, pabrika, eskwelahan, maralitang komunidad, gayundin ang mga migranteng manggagawa.

Habang inilulunsad ng mamamayang Pilipino ang todong paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte, patuloy na lumalakas ang Partido, nakapagrerekrut ng libong bagong mga myembro mula sa hanay ng mga Pulang mandirigma at abanteng elemento at aktibista ng mga rebolusyonaryong kilusang masa ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang lunsod, estudyante at kabataan, kababaihan, propesyunal, migranteng manggagawa at iba pang inaaping sektor. Mayroon itong libu-libong mga sangay na namumuno sa mamamayan sa kanilang mga pakikibakang masa. Layunin nitong lagpasan ang isang daang libong mga myembro sa susunod na mga taon.

Patuloy na pinanghahawakan at isinasapraktika ng Partido ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo mula sa sentral na pamunuan hanggang sa mga batayang sangay nito. Ang Komite Sentral ang nagdedesisyon at nagtatakda ng mga prinsipyo, patakaran at linya bilang gabay ng buong Partido. Nakapailalim sa nakatataas na mga organo ang mas nakabababang mga organo ng Partido. Gayunpaman, dapat magtipon ang lahat ng mga organo at organisasyon ng Partido para ilatag ang tamang batayan para sa paggawa ng mga desisyon at dapat demokratiko ang pagbubuo ng mga desisyon, kung saan buong naisasalang ang mga usapin at nareresolba ang mga pagkakaiba sa pananaw sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya. Nilalabanan ng Partido ang burukratismo at komandismo, at ultrademokrasya at liberalismo.

Habang ginugunita at ipinagdiriwang natin ang ika-50 anibersaryo ng Partido, tumatanaw tayo sa mas malalaki pang makakamit at rebolusyonaryong mga tagumpay.

Dapat magpunyagi ang Partido at lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa sa paglulunsad at pagpapaunlad sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalapad at papalalim na baseng masa para isulong ang digmang bayan sa abanteng yugto ng estratehikong depensiba, at sa gayon ay ilatag ang mga rekisito para sa ibayong pag-abante tungo sa estratehikong pagkakapatas. Alinsunod sa estratehiya ng matagalang digmang bayan, dapat patuloy nating ilunsad ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, repormang agraryo at itatag ang pampulitikang kapangyarihan sa kanayunan, hanggang maaari nang agawin ang kapangyarihan sa kalunsuran at pambansang kabisera.

Tinatanaw ng Partido ang lubos na tagumpay sa di malayong hinaharap, habang handa itong pamunuan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan gaano man katagal ang kinakailangan para wakasan ang paghahari ng mga mapang-api at mapagsamantala.

Nakikinita ng Partido ang lalong paglala ng krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas, gayundin ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo. Lilikha ito ng mas paborableng mga kundisyon para sa mabilis na pag-abante ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas, mga anti-imperyalistang pakikibaka sa buong mundo at para sa muling pagsigla ng mga internasyunal na kilusang komunista sa mas mataas na antas.

Dapat lubos na gampanan ng lahat ng kadre ng Partido sa lahat ng antas ang kanilang mga tungkulin nang may rebolusyonaryong proletaryong determinasyon at masigasig na ipatupad ang mga ito na may komunistang diwa ng walang pag-aalinlangang sakripisyo.

**Mabuhay ang Pilipino at internasyunal na proletaryado at lahat ng inaapi at pinagsasamantalahang mamamayan!**
**Itaas ang bandera ng Marxismo-Leninismo-Maoismo!**
**Mabuhay ang demokratikong rebolusyong bayan!**
**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**